**Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-29 ng Mayo 2020**

**ANONG BAGO**

**NIGHTINGALE STANLEY EXERCISE**

Kasalukuyang walang mga kaso ng COVID-19 sa Falkland Islands ngunit ang Health Services ay nag-iisip na kaagad sa mga maaaring kailanganin kung sakaling magkaroon ng isang malaking outbreak.

Sinabi ng Chief Medical Officer na si Dr Rebecca Edwards na dahil sa nagagawa na ang mga pagsusuri sa loob ng Falklands, maaaring ang mga kaso ay ma-detect ng maaga at maagapan ito ng mas mabilis. Kayang hawakan ng KEMH ang hanggang sa pitong malubhang may sakit na pasyente.

"Bagaman parang nakokontrol ang COVID-19 dito sa loob ng isla sa kasalukuyan, kung magkaroon tayo ng isang malakihang outbreak sa bandang hinaharap, maaari nating makita ang ating mga sarili na magailangan ng mas maraming kama para sa mga pasyente. Sa kaisipang ito, kailangan nating mag ensayo sa kung paano at saan natin mapapamahalaan ang pangangalaga sa mas malaking bilang ng mga pasyente."

SInabi ni Dr Edwards na dahil dito ay may nakaplanong pag-eensayo sa ikatlong linggo ng Hunyo, na kung saan ang main gymnasium sa Stanley Leisure Centre ay gagawing isang hospital ward.

Sinabi niya na ang KEMH ay makikipagugnayan ng malapitan kasama ang British Forces South Atlantic Islands.

"Nakita natin ang mga pansamantalang ospital ng Nightingale sa UK – ngunit ang atin ay higit na magiging maliit lamang. Tatawagin natin itong Nightingale Stanley, at sa loob ng tatlong araw ay itatayo natin ito, susubukan, at tatangalin pagkatapos."

"Ito ay tungkol sa pagsisiguro sa komunidad na tayo ay handa. Siyempre, ang pinakamagandang kalalabasan nito ay hindi natin matayo ang pasilidad na ito – at dahil dyan, patuloy na sundin ang mga abiso sa pampublikong kalusugan, panatilihing maliit lamang ang inyong bubble, at manatiling *socially distanced* kung maaari."

Ang ensayo na ito ay magaganap sa ika-17, 18, at 19 ng Hunyo – ant ang Leisure Centre ay sarado mula alas-nuebe (9pm) ng gabi sa Martes, ika-16 ng Hunyo hanggang alas-singko (5pm) ng hapon sa Biyernes, ika-19 ng Hunyo.

SInabi ni Dr Edwards na ang petsa na ito ay napili dahil sa half-term break sa katabing paaralan na FICS.

“Nais din naming isagawa ang ensayo na ito bago pa ang posibleng pagbibigay ng muling pagpapatuloy sa ilang mga sports clubs, kung tayo ay patuloy na makakuha ng negatibong resulta ng mga pagsusuri sa ating populasyon.”

**PATNUBAY SA MGA EKSKLUSYON**

Noong ika-11 ng Mayo ay niluwagan ng Gobyerno ang mga paghihigpit, na nagpapayag sa karamihan sa mga negosyo na magpatuloy sa kanilang mga operasyon. Hindi kasama dito ang mga pubs, restaurants, cafes, ang sinehan, at ang mga negosyo sa personal na pangangalaga tulad ng pagupitan na nangangailangan ng malapitang pakikipagugnayan sa mga kliyente.

Kasama ng inisyatibong ito, naglabas ang Gobyerno ng “Guidance for the Workplace”: isang dokumento na makukuha sa website ng Gobeyrno para magamit ng mga negosyo na nagpaplanong magbukas muli, gayundin ang iba pang mga patnubay sa mga retailers, faith groups, at mga kumpanya ng taxi.

Simula ngayon, ang Gobeyrno ay patuloy na pagaaralan kung pwede na o hindi, at sa kung anong mga kundisyon, yaong mga negosyo na nananatiling hindi kasama sa listahan ay mapapayagang magbukas muli. Kasama sa pag-aaral na ito ang isang konsultasyon sa mga naapektuhan na negosyo.

Isang mahalagang patnubay sa pagsasagawa ng mg desisyon ay ang mga resulta na natanggap mula sa pagsusuri sa pagbabantay, na kung saan ang KEMH ay nasa posisyon na isagawa ito sa simula ng Hunyo, dahil sa pagkakaroon na nito ng isang PCR analyser sa loob ng ospital.

Kasama sa surveillance testing o pagsusuri sa pagbabantay ay ang pagkuha ng mga swabs sa mga piling mga tao na hindi nagpapakita ng sintomas. Sa simula, ito ay mag-popokus sa mga tao na kung saan ang kanilang pang araw araw na trabaho ay nagdadala sa kanila na makipag-ugnayan sa ibang tao ngunit maaaring isama dito ang random testing, at ito ay maaaring gawin ng madalas sa takdang panahon. Ito ay magbibigay sa atin ng mas mabuting impormasyon para makapagsagawa ng karagdagang mga desisyon sa pampublikong kalusugan, kasama rin ang posibleng pagbabalik ng iba pang mga aktibidad.

Ang mga Miyembro ng Legislative Assembly ay nagbabalak na pag-usapan ang nalalabing mga aktibidad na hindi kasama sa listahan sa susunod na linggo pagkatapos na ianunsyo ng FIG ang kahit anong mga panukala sa pagbabalik ng mga aktibidad.

**MGA SUSUNOD NA UPDATES**

Dahil sa pagkakaluwag ng mga paghihigpit na may kinalaman sa COVID-19 at upang maipakita ito, tayo ay magkakaroon na lamang ng isang pampublikong update sa isang linggo simula sa darating na linggong ito.

Ang mga updates ay ilalabas tuwing Miyerkules sa ganap na alas-singko (5pm) ng hapon.

Gayunpaman, mahalaga na ang mga tao ay may kamalayan tungkol sa kahit anong pagbabago patungkol sa sitwasyon ng COVID-19 at ang pag-responde ng Falkland Islands dito.

Kaya, kung may mahalagang impormasyon na kailangan naming ilabas sa inyo at sa kahit anong pagkakataon, ito ay agad naming ipapaalam sa inyo sa pamamagitan ng ating mga normal na channels, kasama ang Facebook at lokal na midya.

At ang ating web page na fig.gov.fk/covid-19 ay mananatiling aktibo bilang mapagkukunan ng impormasyon at patnubay.